

Human Trafficking sa Canada



Ang polyetong ito ay para sa sinumang nais magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa human trafficking. Makakahanap ka dito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa human trafficking, kung paano tumutugon ang batas sa human trafficking, kung ano ang ginagawa ng mga pamahalaan, at kung ano ang magagawa mo.



PEOPLE'S
LAW SCHOOL

ANG POLYETONG ITO AY NAGBIBIGAY NG PAMPUBLIKONG LEGAL NA IMPORMASYON LAMANG. KUNG KAILANGAN MO NG LEGAL NA PAYÔ, DAPAT MONG KAUSAPIN ANG ISANG LEGAL NA PROPESYONAL.

LIBRE

Ano ang Nasa Loob?

Ilarawan kung ano ang human trafficking	3
Unawain ang human trafficking	4
Labanan ang human trafficking	7
Kilalanin kung sino ang mga taong maaaring biktima ng human trafficking	10
Ano ang magagawa mo	12
Para sa karagdagang impormasyon	13

© 2014, People's Law School, Colombie-Britannique

Tagalathala:

The People's Law School
150 - 900 Howe Street
Vancouver, BC V6Z 2M4
www.publiclegaled.bc.ca
e-mail: info@publiclegaled.bc.ca
t: 604.331.5400 | f: 604.331.5401



Pasasalamat:

Kontribusyon sa nilalaman mula sa Office to Combat Trafficking in Persons (OCTIP) ng BC, Ministry of Justice. Ang pagsusulat sa simpleng wika at editing ay ipinamahagi ni Paula Burgerjon.

Ang People's Law School ay may taunang budget upang panatilihin nasa panahon ang mga publikasyon. Ang mga polyeto ay makukuha sa print at online format kapag pinahihintulutan ng pagpopondo. Mangyaring tingnan ang aming website upang malaman kung mayroon ng mga ito.

Ang tagagamit ang mananagot sa paggamit at pag-unawa sa impormasyong ito.

Nagbibigay ng pahintulot upang kopyahin ang impormasyong ito para sa 'di-pangkomersiyong gamit at nang may pagbanggit sa People's Law School. Ang pahintulot upang kopyahin ang mga nilalaman ay hindi nagbibigay sa tagagamit ng karapatang kopyahin ang graphic images nang walang pahintulot ng shutterstock.com.

Glosaryo ng mga Salita

Exploitation	Ang pag-utos sa isang tao na magtrabaho o magbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay na makatwirang maaasahang magdudulot sa kanila ng takot para sa kanilang kaligtasan o kaligtasan ng ibang kilalá nila kung hindi nila gagawin ang trabaho o mga serbisyo, Kabilang din dito ang paggamit ng puwersa, pagbanta ng dahás, panloloko o pamimilit na tanggalin ang isang organ o tissue ng katawan mula sa isang tao.
Forced Labour	Anumang trabaho o mga serbisyo na ipinupwersa sa mga tao na gawin laban sa kanilang kagustuhan -- nang may pagbanta ng anumang anyô ng parusa.
Human Smuggling	Isang transnational na krimen kung saan karaniwang kinakailangan ang pagsang-ayon ng taong ini-smuggle. Ang mga taong ini-smuggle ay karaniwang malayang gawin ang kanilang gusto sa oras na nakarating sila sa kanilang bansang destinasyon.
Migrant Smuggling	Ang pagtulong sa isang tao na pumasok sa isang bansa nang 'di-legal kapalit ng anumang anyô ng bayad.
Trauma Bonding	Ang pagkakaroon ng biktima ng positibong damdamin para sa trafficker.

Ang mga salitang ginagamit sa glosaryong ito ay may guhit sa ilalim sa unang beses na sila'y ginamit.

Ang Paglalarawan sa Human Trafficking

Ano ang Human Trafficking?

Ang human trafficking ay karaniwang inilalarawan bilang isang anyô ng pang-aalipin sa modernong panahon. Ang trafficking ay inilalarawan ng *BC Action Plan to Combat Human Trafficking* bilang “pag-recruit, itago at/o pagkontrol sa isang tao para siya’y ma-exploit.”

Ayon sa ulat ng United Nations Office on Drug and Crime sa Trafficking sa Mundo (2009), ang pinaka-karaniwang anyô ng human trafficking (79%) ay sekswal na exploitation. Ang mga biktima ng sekswal na exploitation ay karamihang mga kababaihan at mga batang babae. Ang pangalawang pinaka-karaniwang anyô ng human trafficking ay forced labour (18%). Bagama’t ito maaaring hindi tunay na naglalarawan sa sitwasyon dahil ang forced labour ay hindi kasing dalas napapansin at iniulat tulad ng trafficking para sa sekswal na exploitation. Ang Human Trafficking ay isang paglabag sa karapatang pantao at ito’y isang malubhang krimen.

Noong 2000, ginamit ng United Nations ang isang international treaty na kilalâ bilang *Trafficking in Persons Protocol* upang labanan ang trafficking. Inilalarawan ng dokumentong ito ang human trafficking bilang isang *Kilos + Paraan + Layunin = Human Trafficking*. Ipinapakita ng graphic sa ibabâ ang mga detalye.


Sa mga kaso kung saan sangkot ang mga bata, ang human trafficking ay malinaw na naganap kapag naipakitang ang bata ay ni-recruit o kinuha para sa layunin ng **exploitation**.

Maraming mga anyô ng exploitation ng mga taong biktima ng trafficking, at ito’y ipinapaliwanag sa ibabâ:

Sekswal na Exploitation

Ang mga taong biktima ng trafficking ay pinupuwera sa prostitusyon, pinupuwersang gumawa ng mga sekswal na kilos tulad ng exotic dancing, masahé, at pinupuwersang lumahok sa produksyon ng pornography.

Kilos + Paraan + Layunin = Human Trafficking



Forced Labour

Ang **forced labour** ay anumang trabaho o mga serbisiyo na pinupuwersang gawin ng mga tao laban sa kanilang kagustuhan, nang may pagbanta ng anumang anyô ng parusa. Ang forced labour ay nasa mga industriya tulad ng: agrikultura at pangingisda, trabaho bilang domestic, construction, pagmimina, pagawaan, prostitusyon, at mga labag sa batas na gawin na kadalasang may kinalaman sa mga droga.

Sapilitang Pagtanggag ng Organ

Marami ang nangangailangan ng mga organ sa black market sa buong mundo. Ang sapilitang pagtanggag ng organ ay kadalasang isinasagawa sa mga sekretong klinik, nang may kaunti o walang atensyon sa pangangalaga sa tao pagkatapos ng operasyon at kaunting bayad sa tao.

Mahalagang tandaan na walang taong maaaring legal na sumang-ayong magpa-exploit. Halimbawa, ang isang tao ay sumang-ayong magpunta sa Canada dahil ipinangako sa kanya ang legal na trabaho. Sa halip nito'y siya'y tinakot at pinagbantaan ng karahasan para sa forced labour. Kapag ang isang indibidwal ay sumang-ayong magtrabaho sa Canada, hindi ibig sabihin ay magagamit itong paraan upang magtrabaho siya sa mga kondisyong inilarawan sa itaas.



Paano naiiba ang human trafficking sa human smuggling?

Sa krimen ng **human trafficking**, ang tao ay hindi kinakailangang tumawid ng isang border. Ang human smuggling ay isang transnational na krimen.

Ang human smuggling ay kilalá rin bilang **migrant smuggling**, at ito'y ang pagtulong sa isang tao na

pumasok sa isang bansa nang hindi legal, kapalit ng anumang anyô ng pagbabayad. Maaaring mapanganib ang mga kondisyon sa pagbiyahe o maaaring gagamit para dito ng peke na ID nang may pagsang-ayon ng taong ini-smuggle. Ang mga tao ay maaaring i-smuggle nang isa-isa o bilang bahagi ng isang malaking grupo.

Sa Canada, ang human smuggling ay isang krimen ayon sa *Immigration and Refugee Protection Act (2002)*.

Unawain ang Human Trafficking

Human Trafficking sa Canada

Dumarami ang ebidensiya na madalas nangyayari ang human trafficking sa Canada. Iniulat ng RCMP na ang mga kababaihan at batang babae sa Canada ay kapwa ine-exploit sa sex trafficking sa buong bansa. Ang mga tao mula sa aboriginal communities at mga menor-de-edad sa sistema ng child welfare ay lalo nang madaling pagsamantalahan. Ang mga lokal gang, mga transnational na criminal na organisasyon, at mga indibidwal na kasangkot sa sex trafficking sa mga lungsod at mga bayan sa Canada.

Ang mga banyagang manggagawa na maaring pumasok sa Canada nang legal o 'di-legal ay napapailalim sa forced labour sa agrikultura, construction, processing plants, hospitality sector, o bilang domestic servant. Mahirap matiyak ang eksaktong bilang ng mga taong biktima ng trafficking sa Canada dahil ang mga taong biktima ng trafficking ay madalas ayaw magsalita.

Ito ang mga dahilan kung bakit ang isang taong biktima ng trafficking ay maaring ayaw humingi ng tulong:

Takot

Ang mga trafficker ay gumagamit ng pagbanta ng karahasan, tunay na karahasan, at sekswal na paggahasa upang manakot. Kadalasan, ang mga taong biktima ng trafficking at tumatawid ng border ay natatakot ma-deport kung sila'y magsusumbong sa mga awtoridad. Ang mga trafficker ay nagbabanta rin ng karahasan sa mga kapamilya kung ang utang ay hindi binayaran.

Nakatali sa Utang

Maraming taong naging biktima ng trafficking ang may utang sa kanilang mga trafficker para sa transportasyon, visa fees, pagkain, o mga droga. Sinasabihan silang hindi sila magiging malaya hanggang nabayaran ang lahat ng utang. Ang halaga ay kadalasang basta na lamang itinataas upang magpatuloy ang debt bondage.

Pagiging Dependent at Kalungkutan

Ang taong biktima ng trafficking ay malamang na walang pamilya o social network. Ang kapaligiran at kultura ay maaaring 'di-pamilyar at hindi nila alam kung saan o kung sino ang pupuntahan upang humingi ng tulong. Maaaring ipagbawal ng trafficker ang makipag-usap sa iba at maaari niyang ilipat-lipat ang taong biktima ng trafficking para wala itong makilala. Maaaring kunin ng trafficker ang mga ID at maaari siyang magbigay ng mga droga o alak upang kumpletohin ang dependency. Ang mga bata ay lalo nang vulnerable sa lubos na kalungkutan.

Trauma Bonding

Ang **trauma bonding** ay nangyayari kapag ang isang biktima ay nagkaroon ng positibong damdamin para sa kanilang trafficker, na karaniwang dulot ng kalungkutan at dahil siya'y kinokontrol ng trafficker.

Hiya at Pagkakasala

Ang taong biktima ng trafficking ay maaaring mahiyang humingi ng tulong dahil sa kanyang karanasan. Ito'y maaaring lalo nang mahirap para sa mga kalalakihan dahil hindi karaniwang nalalaman na sila'y maaari ring naging biktima ng trafficking.

Sino ang tina-traffic:

Ang sino man ay maaaring maging biktima ng trafficking. Ang traffickers ay nambibiktima sa mga taong vulnerable o madaling pagsamantalahan. Maraming mga salik na maaaring mag-ambag sa vulnerability sa buong mundo, kabilang ang:

Di-matatag na Politika

Ang digmaan, kawalang-kapayapaan sa bansa, at mga natural na kalamidad ay maaaring mauwi sa napuwersang migration kung saan ang mga tao ay nawawalan ng tahanan, trabaho, at pamilya sa tabi at namumuhay nang laging takót.

Kawalan ng Pera

Ang mga trafficker ay nag-aalok sa mga maralita at marginalized na mga tao ng mga pangako ng mas mabuting buhay na hindi naman tinutupad. Ang mga taong ito ay maaaring kumuha ng mas malaking panganib sa kanilang mga pagsubok na buhayin ang kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya.

Rasismo at Pamana ng Kolonyalismo

Ang rasismo at kolonyalismo ay nauuwi sa marginalization ng mga tao, lalo na ng mga katutubong populasyon. Ang kolonyalismo ay ang kaugalian kung saan kinokontrol ng isang bansa ang isang banyagang teritoryo para i-exploit ang likas na kayamanan at mga mamamayan nito. Ang pamana ng kolonyalismo ay patuloy na umaapekto sa mga buong komunidad habang ang mga tao ay patuloy na naghihirap upang gamitin ang kanilang saligang sibil at karapatang pantao.

Etnisidad

Ang aboriginal na kababaihan at mga batang babae ay lalo nang vulnerable sa human trafficking dahil sila'y mas malamang na maapektohan ng ibang mga salik na may kinalaman sa abuso sa residential school, gender inequality, karalitaan, karahasan sa tahanan, o sistema ng child welfare.

Gender Inequality

Sa maraming mga kultura, ang mga babae ay itinuturing na hindi kasing halaga ng mga lalaki. Ang mga babae ay binabayaran nang mas kaunti para sa katumbas na trabaho, mas kaunti ang kanilang mga karapatan, mas kaunti ang kanilang health care, mas kaunti ang edukasyon, mas kaunti ang ari-arian, at maaari silang asahang sumuko sa mga lalaki.

Mga Addiction

Paminsan-minsan ay nagsusuplay ang mga trafficker ng mga droga upang hindi tumutol ang mga babae, at upang magdulot ng dependency at puwersahin ang mga tao sa forced labour o sex. Oras na naging addict ang isang taong biktima ng trafficking, ginagamit ng trafficker ang vulnerability na iyon upang panatilihin ang kanyang control.

Pangkaisipang Kalusugan

Ang mga taong may mga isyu sa pangkaisipang kalusugan ay maaaring mahirapan dahil limitado ang

kanilang kakayahang sumang-ayon, mag-aseso ng panganib o malaman ang mga masamang intensyon ng mga tao. Mahusay ang mga trafficker sa pag-detect ng vulnerabilities na ito at sa manipulasyon ng iba para sa kanilang kapakinabangan.

Pagpuwersa ng Gang

Ang mga babae ay maaaring i-exploit sa pamamagitan ng pagpasok sa isang gang bilang girlfriend ng isang miyembro ng gang at pagkatapos ay ibebenta para makipag-sex. Kadalasan, ang mga kabataang ipinanganak sa mga pamilyang kasangkot sa gang ay inaasahang magbigay sa negosyo ng pamilya sa anumang paraang ok sa gang.

Madaling Sumuko Online

Mas madalas na ginagamit ng mga trafficker ang social networking at video chat sites upang akitin, i-unsub, at i-exploit ang mga tao. Pagkatapos ay gumagamit ang mga trafficker ng explicit o nagkokompromisong mga retrato upang ipagpatuloy ang kanilang kontrol -- at magbabantang ilathala ang mga retrato na ito online kung saan makikita ng mga kapamilya ang mga ito.

Ang online social networking sites ay kasalukuyang mga pangunahing lugar para mag-recruit, at pumalit ito sa mga lugar na mas madaling imonitor tulad ng mga shopping mall, mga eskwelahan, mga istasyon ng bus at mga party. Ang mga bata at kabataan ay lalo nang madaling maakit.

Bakit nangyayari ang human trafficking?

Ayon sa mga laban sa trafficking, ang human trafficking ay nangyayari dahil may demand para sa mga murang gamit, murang trabaho, at pagbigay ng mga sekswal na serbisyo. Kabilang sa “push factors” ang karalitaan, inequality ng kasarian, kawalan ng pagkakataon at edukasyon, problema sa politika, at kawalan ng trabaho. Kabilang sa “pull factors” ang globalization ng ekonomiya, ang demand para sa mga murang bagay at mga serbisyo at bagong communications technologies.

Dati nang may trafficking sa mga tao. Ang pagiging alipin, pagsisilbi sa iba, forced labor, at iba pang mga katulad na kaugalian ay libu-libo nang taong nangyayari.

Pero sa nakaraang dalawang dekada, ang mga nagbabagong kondisyon sa buong mundo ay nauwi sa pangmundong pagtaas sa human trafficking, lalo na sa mga kababaihan at mga batang babae.

Sino ang mga trafficker?

Maraming mga uri ng taong nagtra-traffic. Maaari silang magtrabaho nang hiwalay sa iba, nang may maliit na network, o maging bahagi ng malaki at transnational at organisadong network ng krimen na naglilipat-lipat sa mga tao sa malalayong distansiya.

Maaari silang isang propesyonal o amateur. Ang trafficker ay maaaring taong hindi kilalá, isang kaibigan, kapamilya, labour contractor, diplomat, kriminal o business executive.

Sa ilang mga bansa, sinasabi ng employment at talent agencies na magbibigay sila ng training at tulong sa mga taong naghahanap ng legal na trabaho sa ibang bansa. Sa katotohanan, sila’y nirerecruit para ma-exploit. Ang pamahalaan at mga pulis ay kasangkot minsan sa trafficking.

Paano lumalabag sa karapatang pantao ang human trafficking?

Ang human trafficking ay malaking paglabag sa mga karapatang pantao, gaya ng karapatan sa buhay, kalayaan, at security ng tao, at ang karapatang maging malaya sa pagiging alipin at malaswang pagtrato. Trinatrato ng mga trafficker ang mga taong naging biktima ng trafficking tulad ng mga kalakal o commodities, lumalabag sa kanilang mga saligang karapatan upang gawin ang kanilang sariling desisyon, kumilos nang malaya, at magtrabaho kung saan at para kanino nila gusto.

Ang pagtingin ng mga karapatang pantao sa taong naging biktima ng trafficking ay isang taong nangangailangan ng proteksyon at mga serbisyo sa halip na isang kriminal. Ang ganoong paraan ay mahalaga upang ibalik ang karangalan at kabutihan ng taong naging biktima ng trafficking.

Paglaban sa Human Trafficking

International Law: ang United Nations Trafficking in Persons Protocol

Noong 2000, ginamit ng United Nations ang **Protocol to Prevent, Suppress, and Punish Trafficking in Persons, especially Women and Children (Protokol sa Pag-iwas, Pagpigil, at Pagparusa sa Trafficking sa mga Tao, lalo na sa mga kababaihan at mga Bata)**. Itinatag ng *Trafficking in Persons Protocol* ang pinaka-tinatanggap sa mundong framework upang labanan ang human trafficking, lalo na ng mga kababaihan at mga bata.

Isinabatas ng Canada ang *Trafficking Protocol* noong 2002 at ito'y nangangakong magdibelop ng mga batas at mga programa upang isagawa ito. Sa *Trafficking Protocol*, ang mga bansang nagsabatas nito ay dapat magbigay sa tatlong pangunahing bagay, na tinatawag na ang tatlong P:

- **Protection** — Pagprotekta at pagtulong sa mga taong naging biktima ng trafficking.
- **Prevention** — Pag-iwas at paglaban sa human trafficking.
- **Prosecution** — Pag-prosecute sa mga trafficker.

Bukod pa rito, kinikilala ng *National Action Plan to Combat Human Trafficking* ng Canada ang pang-apat na P — mga partnership.

Mga **Partnership** — Ang partnership ay ang pagtaguyod sa kooperasyon ng mga bansa sa isa't-isa upang mabisang matugunan ang mga layunin ng Protection, Prevention, at Prosecution.

Batas sa Canada

Ang human trafficking ay isang malubhang kriminal na pagkakasala sa Canada. Sa kapwa *Criminal Code of Canada at Immigration and Refugee Protection Act*, ang lahat ng mga aspeto ng human trafficking ay kriminal na pagkakasala.

Ang apat na human trafficking na pagkakasala sa *Criminal Code* ay ibinubuod sa ibabâ.

Sa Trafficking sa isang tao (Seksyon 279.01), isang krimen ang lumahok sa ilang mga kilos sa ibang tao upang i-exploit sila. Ang sentensiyang ibinibigay ay mula sa habang buhay na pagkabilanggo para sa

mga kasong may kasamang kidnapping, aggravated assault, sekswal na paggahasa, o kamatayan, hanggang sa pinakamahabang sentensiya na 14 taong pagkabilanggo para sa ibang mga kaso.

Ang trafficking ng isang tao na wala pang labing-walong taong gulang (Seksyon 279.011) ay nagdaragdag ng iniuutos na pinakamaikling sentensiya na anim na taong pagkabilanggo kung ang pagkakasala ay aggravated assault, sekswal na paggahasa, o kamatayan ng batang naging biktima ng trafficking, at isang iniuutos na pinakamaikling sentensiya na limang buwan sa ibang mga kaso.

Sa material benefit (Seksyon 279.02), isang krimen ang tumanggap ng salapi o iba pang materyal na benepisyo kapag nalalaman na ang benepisyo ay resulta ng human trafficking. Ang pinakamahabang sentensiya ay 10 taong pagkabilanggo.

Ang pagtago o pagsira sa pambiyaheng dokumento o mga ID (Seksyon 279.03), halimbawa, pasaporte o visa ng iba, para magawa ang human trafficking, ay isang pagkakasala. Ang pinakamahabang sentensiya ay limang taong pagkabilanggo.

Ang isang tao ay hindi maaaring legal na sumang-ayong ma-exploit sa ilalim ng Kriminal na Kodigo.

Maraming ibang mga seksyon sa *Criminal Code* ng Canada na magagamit upang isakdal ang mga taong kasangkot sa human trafficking, halimbawa, mga pagkakasala tulad ng sekswal na exploitation ng mga bata at kabataan, sekswal na paggahasa, pandaraya, forgery, pinuwersang pagkulong, pangunguwarta, kidnapping, pagbugbog, at organisadong kriminal na gawain.

Immigration and Refugee Protection Act (Batas sa Imigrasyon at Proteksyon sa Refugee)

Ginagawang pagkakasala ng batas na ito ang dalhin ang mga tao sa Canada gamit ang mga tiyak na paraan. Isang pagkakasala ang gumamit ng panloloko, pagpuwersa, kidnapping, pandaraya, dahás, o mga pagbanta ng dahás upang itawid ang isang tao sa border. Pagkakasala rin ang magtago o magtransport ng mga taong nirecruit sa ganitong paraan, oras na dumating sila sa Canada.

Ang mga parusa para sa mga ganitong pagkakasala ay umaabot ng hanggang \$1 milyon bilang mga multa o habang-buhay na pagkabilanggo o ang dalawang ito.

Ginagawang pagkakasala ng Batas ang gumamit ng mga ID na dokumento, tulad ng visa o pasaporte, para sa human trafficking o smuggling. Ang pinakamahabang sentensiya para sa pagkakasalang ito ay 14 taon sa bilangguan.

Para sa kompletong teksto ng *Criminal code* at IRA na mga seksyon, bisitahin ang <http://laws.justice.gc.ca/eng>.

Mga Pederal na Pagsisikap

Noong 2012, ginawa ng Canada ang *National Action Plan to Combat Human Trafficking*. Ipinangangako ng plano na ito ang \$25 milyon sa darating na apat na taon upang palakasin ang pagsisikap ng Canada na iwasan, matuklasan, at masakdal ang human trafficking at tulungan ang mga taong naging biktima


ng trafficking. Nagtatag ng isang Human Trafficking Task Force at ito'y pinamumunuan ng Public Safety Canada.

Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa <http://www.publicsafety.gc.ca/cnt/cntrng-crm/hmn-trffckng/index-eng.aspx>.

Mga Pagsisikap ng British Columbia

Ang Office to Combat Trafficking in Persons (OCTIP) ng BC ang namamahala sa pangkalahatang koordinasyon ng pamprobinsiyangistratehiya upang tugunan ang human trafficking.

Ang paglaban sa human trafficking ay nangangailangan ng multidisciplinary na pagtugon at paglahok mula sa lahat ng antas ng pamahalaan. Ang OCTIP ay nakikipagtulungan sa pederal at pamprobinsiyang pamahalaan, pulis, mga akademikong organisasyon, at mga ahensiya ng komunidad.



Ang utos ng OCTIP ay ang:

- Suportahan ang mga komunidad sa pagtatag ng lokal na kakayahan upang tugunan ang human trafficking -- mula pag-iwas hanggang sa pagbigay ng serbisyo
- Turuan ang iba nang malaman nila, at magbigay ng training at edukasyon
- Alamin ang mga kakulangan at mga hadlang sa mga serbisyo, mga patakaran, at lehislyasyon na humahadlang sa mga pantaong karapatan na may proteksyon sa buong mundo ng mga taong biktima ng trafficking
- Tulungan ang pambansa at pandaigdig na mga pagsisikap upang labanan ang human trafficking

Ang British Columbia ay may BC Action Plan upang Labanan ang Human Trafficking na may tatlong pangunahing priyoridad at limang bahagi na bibigyang-priyoridad para tugunan ang mga isyu ng human trafficking sa buong probinsiya para sa 2013-2016. Bisitahin ang plano sa <http://www.pssg.gov.bc.ca/octip/docs/action-plan.pdf>.

Pagpapatupad ng Batas

Itinatag ng Royal Canadian Mounted Police (RCMP), na siyang pambansang pulis ng Canada, ang isang Human Trafficking National Coordination Centre. Ang RCMP, mga pulis sa mga munisipal, ang Canada Border Services Agency, ang mga NGO sa komunidad, at ang mga abogado sa imigrasyon ay patuloy na nakikipagtulungan upang magdibelop ng mgaistratehiya upang itigil ang human trafficking.

- **Prevention** — dagdagan ang kamalayan ng publiko upang tungang malaman ang mga posibleng biktima at mga trafficker, pahasayin ang edukasyon para sa pulis, aktibong imbestigahan ang mga kriminal na organisasyon, at magdibelop ng mga pandaigdig na kasunduan
- **Protection** — siguraduhin ang kaligtasan ng mga taong biktima ng trafficking sa pamamagitan ng imbestigasyon, pag-aseso ng risk, at referral sa mga angkop na serbisyo ng komunidad
- **Prosecution** — pag-ipon ng ebidensiya upang maisakdal ang mga trafficker
- **Partnership** — pagtrabaho nang nakikipagtulungan sa iba, sa loob ng bansa at sa ibayong dagat

Maraming mga hamon para sa pagpapatupad ng batas, halimbawa:

- Ang pandaigdig na kalikasan ng trafficking -- iba-iba ang mga batas ng mga bansa at ang mga awtoridad sa mga pinagmumulang bansa ay maaaring kasangkot sa krimen
- Ang patagong kalikasan ng trafficking at ang koneksyon nito sa organisadong krimen
- Ang mga taong biktima ng trafficking ay kadalasang inililipat sa iba't-ibang mga lokasyon
- Ang mga taong biktima ng trafficking ay takot sa pulis at mga awtoridad ng imigrasyon at takot tumestigo laban sa traffickers
- Maaaring hindi nakikita ng mga taong biktima ng trafficking ang kanilang mga sarili bilang mga biktima ng krimen

Mga ahensiya ng komunidad at mga relihiyosong organisasyon

Dinaragdagan ng mga ahensiya sa komunidad ang kanilang kaalaman upang isama ang mga pansuportang serbisyo sa mga taong biktima ng trafficking na lumalapit. Ang mga relihiyosong organisasyon ay nagsisikap ding tanggalin ang human trafficking sa pamamagitan ng pagbalita sa mga isyu sa kanilang mga pagtitipon at komunidad.

Mga Pansuportang Serbisyo

Binibigyang-diin ng Trafficking in Persons Protocol ang paggalang para sa mga karapatang pantao ng mga taong naging biktima ng trafficking at hinihikayat nito ang mga bansa na makipagtulungan sa mga NGO upang magbigay ng mga saligang pangangailangan ng mga taong naging biktima ng trafficking.

May komprehensibong listahan ng mga serbisyo na makukuha sa OCTIP training site <http://www.pssg.gov.bc.ca/octiptraining/index.html>.

Ang mga pangunahing serbisyo na maaaring kailanganin ng isang taong naging biktima ng trafficking ay:

- housing
- medikal at pangkaisipang pangangalaga,
- pagpapayo at impormasyon sa isang wikang naiintindihan ng isang taong naging biktima ng trafficking

- material na tulong tulad ng kasuotan at pagkain,
- mga pagkakataong magtrabaho at mag-aral,
- legal na tulong, at
- tulong upang makipag-ugnayan sa pulis at mga pampamahalaang ahensiya.

Temporary Residence Permit (TRP)

Sa Trafficking in Persons Protocol, kailangan ding isaalang-alang ng mga bansa ang magpatibay ng mga batas na magpapahintulot sa mga taong naging biktima ng trafficking na manatili nang pansamantala o nang permanente sa tumatanggap na bansa. Ang isang temporary Resident Permit (TRP) ay makukuha mula sa Citizenship and Immigration Canada (CIC). Ang proseso ay nagsisimula sa isang interbyu kasama ng isang immigration officer. Sa panahong ito, hindi kailangang patunayan ng taong naging biktima ng trafficking na siya'y biktima; kailangan lamang niyang patunayan na may posibilidad. Ang taong naging biktima ng trafficking ay hindi kinakailangang tumulong sa anumang kriminal na imbestigasyon o tumestigo laban sa kanilang trafficker.

Kung naniniwala ang immigration officer na ang isang tao ay naging biktima ng trafficking, maaari silang mag-isyu ng isang TRP. Ito'y magbibigay sa tao ng legal status sa Canada nang hanggang 180 araw. Ang permit ay maaaring iisyu muli sa katapusan ng 180-araw na panahon ng CIC officer batay sa sitwasyon ng taong naging biktima ng trafficking. Ang taong naging biktima ng trafficking ay magkakaroon ng access sa health care at counselling, at maaaari rin silang mag-aplay para sa isang work permit.

Para sa karagdagang impormasyon sa TRP, tingnan ang Human Trafficking — Canada is Not Immune: Module 4 (Human Trafficking — Hindi Ligtas ang Canada: Module 4. Ang web address ay nasa resource na seksyon ng booklet na ito.

Tandaan ang mga sumusunod na pamamaraan kapag inaaplay ang mga karapatang pantaong paraan upang magbigay ng mga serbisyo:

- Siguraduhin ang pagka-pribado upang hindi malagay sa panganib ang isang taong naging biktima ng trafficking
- Tulungan silang maibalik ang kanilang pamamahala sa kanilang mga sariling buhay
- Magbigay-tulong at magpasensiya, nang laging

trinatrato ang taong naging biktima ng trafficking nang may karangalan at paggalang

- Siguraduhing ang referrals ay para sa mga serbisyang angkop sa kultura
- Tulungan ang taong naging biktima ng trafficking na makipagtulungan sa pulis kung nais nila ito gawin

May kompletong listahan ng mga nagpapatnubay na pamamaraan sa <http://www.pssg.gov.bc.ca/octiptraining/index.html>

Alamin kung sino ang mga taong maaaring biktima ng trafficking

Kung ikaw ay isang service provider, tandaan na hindi mo tungkuling tiyakin na ang isang tao ay biktima ng trafficking. Ang iyong pananagutan ay ang mag-alok ng suporta, proteksyon, paraan upang makawala, maka-recover, o isang referral sa ibang mga ahensiya.

May komprehensibong listahan ng mga serbisyo sa <http://www.pssg.gov.bc.ca/octiptraining/index.html>

Ikaw man ay isang miyembro ng publiko o isang service provider, isaalang-alang ang mga sumusunod na palatandaang hahanapin:

Mga palatandaan ng abuso at control

Ang tao ay:

- Naniniwalang kailangan silang magtrabaho laban sa kanilang kagustuhan
- Hindi makaalis sa kanyang kasalukuyang sitwasyon
- May ipinapakitang mga palatandaan na ang kanilang mga kilos ay kinokontrol
- Nakakaranas ng karahasan o mga pagbabanta ng karahasan sa kanilang sarili o sa mga minamahal sa buhay
- May mga pinsala sa katawan na mukhang resulta ng paggahasa
- May mga pinsala sa katawan o paghina na karaniwan para sa ilang mga trabaho o mga paraan upang magkontrol, tulad ng mga sunog mula sa sigarilyo o branding na tattoo
- Walang tiwala sa mga awtoridad

- Natatakot sabihin kung ano ang kanilang immigration status
- Walang pasaporte o ibang pambiyaheng dokumento o ID
- May false identity o mga pambiyaheng dokumento
- Malamang na mahahanap sa lugar para sa exploitation, halimbawa, isang drug lab
- Hindi marunong ng lokal na wika
- Hindi alam ang kanilang address sa bahay o trabaho
- Pinahihintulutan ang iba na magsalita para sa kanila kapag sila'y diretsong kinakausap
- Pinupuwersang magtrabaho sa ilalim ng mga kondisyong hindi mabuti sa kalusugan o hindi ligtas
- Dinidisciplina sa pamamagitan ng parusa
- Tumatanggap ng kaunti o walang bayad
- Nagtatrabaho nang sobrang mahahabang oras sa mga matagal na panahon
- Walang access sa medikal na pangangalaga
- Kaunti lamang ang contact sa kanilang mga pamilya o sa mga taong nasa labas ng kanilang kapaligiran mismo
- Naniniwala na sila'y nakatali sa utang
- Nasa sitwasong umaasa sa iba
- Galing sa isang lugar na kilalá bilang pinagmumulan ng human trafficking

Mga palatandaan na ang isang bata'y maaaring biktima ng trafficking:

Ang bata ay:

- Walang magulang o tagapag-alaga o hindi makontak ito
- Mukhang takot at hindi kumikilos tulad ng isang karaniwang batang nasa ganoong edad
- Walang mga kaibigang nasa parehong edad sa labas ng trabaho o walang panahon upang maglaro
- Nakatira kasama ng taong hindi kamag-anak at hindi tagapag-alaga
- Hindi pumapasok sa eskwelahan
- Kumakain nang hiwalay sa ibang mga miyembro ng "pamilya" o kumakain lamang ng mga tira-tira

- Gumagawa ng trabahong hindi angkop para sa mga bata
- Nagbibiyahe nang walang kasama o kasama ng mga grupo ng mga taong hindi kamag-anak

Maaari ring ipahayag ng sumusunod na ang mga bata'y biktima ng trafficking:

- Mayroong mga kasuotan na ang laki o size ay para sa mga bata, at karaniwang isinusuot para gumawa ng manwal na trabaho o sex na trabaho
- Mga laruan, mga kama, at mga kasuotan ng mga bata sa mga hindi angkop na lugar tulad ng mga lugar para sa sex at mga pabrika
- Ayon sa sabi-sabi ng isang adult, siya'y "nakahanap" ng batang walang kasama

Ang mga palatandaan na ang isang tao ay naninirahan bilang alipin

Ang tao ay:

- Nakatira kasama ng isang pamilya at walang pribadong lugar
- Nakikitulog o natutulog sa hindi angkop na lugar
- Hindi kumakain kasama ng pamilya o mga tira-tira lamang ang nakukuha
- Hindi man lang makaalis ng bahay, o maaaring umalis kapag lamang sinasamahan ng isang tao sa sambahayan
- Inaasahang maging available na magtrabaho hanggang 24 oras bawat araw, nang kaunti o walang mga day off
- Sinaktan o sekswal na ginahasa ng kanyang tagapag-employo o mga kasamahan sa sambahayan o inaabuso o pinagbabantahan

Mga palatandaan na ang isang tao'y napapailalim sa sekswal na exploitation

Ang tao ay:

- Lumilipat-lipat mula isang brothel patungo sa iba o nagtatrabaho sa iba't-ibang mga lugar
- Sinasamahan kapag umaalis
- May mga tattoo o ibang mga marka na nagpapahayag ng "pagmamay-ari" ng mga nag-eexploit
- Nagtatrabaho nang mahahabang oras nang may kaunting day off, kung mayroon man

- Natutulog kung saan sila nagtrabaho
- Nakatira o nagbibiyahen sa isang grupo, paminsan-minsan kasama ng ibang mga babaeng hindi nagsasalita ng parehong wika
- May mga kasuotang karaniwang isinusuot para sa sex na trabaho
- Alam lamang sabihin sa lokal na wika o sa wika ng grupo ng kliyente ang mga salitang may kinalaman sa sex
- Walang sariling pera at hindi makapagpapakita ng anumang ID
- Addict sa droga o alak, o kulang sa nutrisyon
- May mga peklat o mga pinsala, o ibang mga palantandaan ng abuso o torture

Mga palatandaan na ang isang tao'y ine-exploit para sa labour

Ang tao ay:

- Naninirahan kasama ng mga grupo sa parehong lugar ng kanilang trabaho at hindi madalas umaalis sa mga lugar na iyon, kung umaalis man sila (at kapag kasama lamang ng kanilang tagapag-employo)
- Nakatira sa sira-sira at hindi angkop na mga lugar, tulad ng isang lumang barn o storage shed
- Nagtatrabaho sa mga kondisyon na hindi mabuti sa kalusugan o na hindi ligtas, at ang sobrang habang mga oras
- Walang angkop na kasuotan o protective gear para sa trabaho
- Tumatanggap ng kaunti o walang bayad at walang kontrata sa trabaho, o ang kontrata ay sobrang mahigpit
- Umaasa sa kanilang tagapag-employo para sa trabaho, transportasyon, at tirahan
- Binabantayan ng security, na humahadlang sa kanila na umalis sa lugar ng trabaho
- Dinidisciplina sa pamamagitan ng mga multa
- Iniinsulto, inaabuso, pinagbabantaan, o ginagahasa

Ano ang magagawa mo

Turuan ang iyong sarili at ang iba na

- Turuan ang iyong sarili at ang iba na
- Basahin at ipabasa ang polyetong ito
- Gamitin ang listahan ng resource at impormasyon sa polyetong ito
- Kunin ang online training course na pinamagatang *Human Trafficking: Canada is Not Immune*, na dinibelop ng Office to Combat Trafficking in Persons. Ang training course ay makukuha nang libre sa Ingles at Pranses. Ito'y dinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga pangunahing nagsisilbing service providers sa buong Canada. Maaari mong i-access ang training course sa website: access the training course at the website: <http://www.pssg.gov.bc.ca/octiptraining/index.html>

Ipaalam sa iba

- Kontakin ang isang politiko at tanungin kung ano ang ginagawa nila tungkol dito
- Magboluntaryo ng iyong panahon o kaalaman sa isang organisasyong lumalaban sa human trafficking

Gamitin ang iyong lakas na bilhin ang mabuti

- Huwag magbayad para sa sex o magpunta sa mga lugar kung saan isinasagawa ang mga pangkomersiyong sex. Himukin ang iyong mga kaibigan na huwag lumahok
- Huwag bumili ng mga produkto sa mga gumagawa na kilalá sa paggamit ng mga pinuwersang manggagawa. Bumili lamang ng fair trade na mga produkto

Ireport ito

- Kontakin ang pulis kung sa palagay mo'y ang isang tao'y biktima ng trafficking
- Kung nag-aalala ka na ang isang tao ay nasasapanganib, tumawag sa 911

Para sa karagdagang impormasyon

Canadian Council for Refugees	Impormasyon tungkol sa trafficking ng mga kababaihan at batang babae, at pederal na pagtataguyod upang dagdagan ang proteksyon ng mga karapatang pantao.	www.ccrweb.ca/eng/engfront/frontpage.htm
Office to Combat Trafficking in Persons (OCTIP) sa BC	Ang OCTIP ay iniuutos upang magdibelop at magayos ng pagtugon ng BC sa human trafficking May online training material na makukuha sa Ingles at Pranses.	http://www.pssg.gov.bc.ca/octip/about.htm http://www.pssg.gov.bc.ca/octiptraining/index.html
United Nations (UN) Resources	Ipinapakita ng United Nations Office on Drugs and Crime Report sa human trafficking ang modernong anyô ng pang-aalipin	www.unodc.org/documents/Global_Reprot_on_TIP.pdf
RCMP	Human Trafficking National Coordination Centre <i>I'm not for sale</i> toolkits at resources para sa pagbabalita sa kabataan	www.rcmp-grc.gc.ca/ht-tp/index-eng.htm www.rcmp-grc.gc.ca/ht-tp/publications/index-eng.htm

May komprehensibong listahan ng resources sa bansa at sa probinsiya sa pamamagitan ng online training na Human Trafficking: Canada is Not Inmune. Mahahanap mo ito sa <http://www.pssg.gov.bc.ca/octiptraining/index.html>.



Pormularyo ng Pag-aseso sa Polyeto

Mahalaga sa amin ang iyong opinyon. Mangyaring maglaan ng ilang panahon upang sabihin sa amin ang iyong puna sa publikasyon.

1. Aling publikasyon ang binasa mo?

.....

2. Gaano humusay ang iyong pagkakaunawa sa paksa pagkatapos basahin ang polyeto?

☐ Humusay nang husto ☐ nang kaunti ☐ hindi gaano

3. Paano mo binabalak na gamitin ang polyetong ito sa hinaharap?

☐ Reference ☐ Ipasa sa iba ☐ Pangangatawan sa sarili
☐ Iba pa

4. Ano pa ang ibang mga pampublikong legal na edukasyong paksa na nais mong basahin?

☐ Conumser Law ☐ Employment Law ☐ Family Law
☐ Tenancy Law ☐ Wills and Estates ☐ Immigration Law
☐ Iba pa

5. Mayroon ka bang mga mungkahi upang pahasayin ang polyetong ito?

.....
.....
.....
.....

Ibalik ang kinompletong pormularyo ng pag-aseso sa:

People's Law School

Mail: Suite 150 - 900 Howe Street, Vancouver, BC V6Z 2M4 | **E-mail:** info@publiclegaled.bc.ca

Ang mga pormularyo ng pag-aseso ay maaaring punan online sa <http://www.publiclegaled.bc.ca/bookletevaluation>
Ang mga pag-asesong matatanggap hanggang sa Disyembre 31 ay ipapasok sa isang taunang draw upang manalo ng regalo. Ang regalo ay nagbabago bawat taon.

Maraming salamat sa iyong panahon at interes sa pampublikong legal na edukasyon - 2014.

Ang People's Law School ay isang rehistradong kawanggawang organisasyon (Blg. 88722 5795 RR).

Isaalang-alang na magbigay ng donasyon upang pondohan ang aming mga serbisyo at mga programa – publiclegaled.bc.ca/donate.





PEOPLE'S LAW SCHOOL

Ang People's Law School ay isang non-profit na kawanggawang samahan. Ang aming layunin ay ang magbigay sa mga taga British Columbia ng maaasahang pampublikong legal na impormasyon.

**ANG POLYETONG ITO AY NAGBIBIGAY NG PAMPUBLIKONG LEGAL NA IMPORMASYON LAMANG.
KUNG KAILANGAN MO NG LEGAL NA PAYÔ, DAPAT MONG KAUSAPIN ANG ISANG LEGAL NA PROPESYONAL.**

ANG 'DI-KOMERSIYONG PAGKOPYA AY PINAHIHINTULUTAN NANG MAY PAGBANGGIT SA NAGLATHALA — LA PEOPLE'S LAW SCHOOL ©2014.

Kabilang ang mga sumusunod na polyeto sa iba pang Pampublikong Legal na Impormasyon na may kinalaman dito:



Ang mga polyetong ito ay available online sa:

www.publiclegaled.bc.ca



www.clicklaw.bc.ca

Sundan kami sa:



@PLSBC



People's Law School - BC



PLSBC

Pinasasalamatan ng People's Law School ang



Canada

para sa kanilang pinansiyal na suporta.

THE PEOPLE'S LAW SCHOOL

Suite 150 - 900 Howe Street, Vancouver, BC V6Z 2M4
604.331.5400 | info@publiclegaled.bc.ca

Pag-isipang mag-donate sa public service na ito.

Ang iyong donasyon ay tutulong sa aming magbigay ng pampublikong legal na edukasyon at impormasyon sa mga tao sa BC. Ang mga donation na lampas ng \$20.00 ay may tax receipt. Mangyaring isama ang iyong e-mail o address upang mapadalan ka ng tax receipt.